THE FILIPINO-CANADIAN NEWS AND INFORMATION www.talibaFlipzMedia.com

TALIBA

#531 DECEMBER 16-31, 2024 FlipzMedia PUBLISHED IN TORONTO, ONTARIO

# PBBM, FL Liza pinangunahan 'Konsyerto sa Palasyo;' mga bigating artista, dumalo








*Isa sa mga bigating stars na dumalo sa ginanap na "Konsyerto sa Palasyo" si Unkabogable Star Vice Ganda, na muling nagbabalik-Metro Manila Film Festival (MMFF) para sa pelikulang "And The Breadwinner Is..." na mapapanood na sa Disyembre 25.*

**MANILA** - Pinangunahan nina Pangulong Ferdinand "Bongbong" Marcos Jr. at First Lady Liza Araneta-Marcos ang tila enggrandeng pagsasama-sama ng mga artista sa ***"Konsyerto sa Palasyo,"*** nitong, Disyembre 15, sa Kalayaan Hall Grounds, Malacañang Palace, Maynila.

Ang tema para sa ikalimang installment ay "Para sa Pelikulang Pilipino," na isang pagdiriwang para sa ambag ng pinilakang-tabing sa kultura at sining na humuhubog sa isang lipunan.

Isa sa mga nagbigay ng performance at nangharana sa lahat si Divine Diva Zsa Zsa Padilla.

Naispatan din sa event ang mga bigating artista gaya nina Sharon Cuneta, Christopher De Leon, Boots Anson Roa, Hilda Coronel, Sylvia Sanchez, Maricel Soriano, Enrique Gil, Arjo Atayde, Sue Ramirez, Vice Ganda, at iba pang may pelikulang lahok sa 2024 Metro Manila Film Festival (MMFF).

Wow, may issue ng budget sa PhilHealth at DepEd tapos ganito, magpa-party sila? Bagong Pilipinas!"

"Alinsunod sa panawagan ng ating Pangulo, hinihikayat namin ang lahat ng ahensiya ng pamahalaan na iwasan ang mga marangyang pagdiriwang ngayong Pasko," ani Executive Secretary Lucas Bersamin.

Ilang mga netizen naman na tagasuporta ng administrasyon ang nagsabing hindi naman Christmas party ang nabanggit na event kundi para sa pelikulang Pilipino.

"Talagang ang Ganda ng Event Ito Kasi Nababalikan natin Yung Mga Pelikula Noonh Unang Panahon Palang Talaga Anb Sarap Maging Pinoy at Maipagmamalaki Ang Pelikulang Filipino Mabuhay Po Kayo."

"Wow pati mga film maker at artist na rerecognize ng ating Pangulo.,

"ang ganda ng event! sana next year ulit may ganito! Perfect way to highlight Filipino creativity and talent. salamat sa effort PBBM."

**BALITA PILIPINAS**



# GET OUT OF DEBT
# WITHOUT BANKRUPTCY

## Deal directly with the Licensed Debt Professionals™ at David Sklar & Associates

We are licensed by the Canadian government to file and administer programs that can relieve your serious debt problem and give you a 'fresh start'

- Get Out of Debt
- Stop Collection Calls
- Stop Interest Charges
- One Low Monthly Payment
- Without Bankruptcy
- Without Loans



Cori Naron,
Certified Insolvency Counsellor (BIA),
Estate Administrator

## For Your Free Consultation
## Call (416) 498-9200 ext. 236

**DAVID SKLAR & ASSOCIATES INC.**
Licensed Proposal Administrators & Licensed Insolvency Trustee

HEAD OFFICE: 245 FAIRVIEW MALL DRIVE, SUITE 720, TORONTO, ONTARIO, M2J 4T1
NORTH YORK ▪ TORONTO ▪ PICKERING / AJAX ▪ MISSISSAUGA / ETOBICOKE ▪ BRAMPTON

# Pasko Sa Pilipinas

**Ang Pasko sa Pilipinas**, isa sa dalawang bansang may malawak na paniniwala sa Simbahang Katoliko sa Asya, ay nangunguna sa pinakamalaking pista ng taon. Ang Pilipinas ay natatangi sa buong mundo bilang may pinakamahabang pagdiriwang ng Pasko na kung saan ang mga awit pangpasko ay naririnig mula Setyembre 1 hanggang sa sumunod na taon sa araw ng pagdating ng Tatlong Mago/Hari).

Bilang kinaugalian, ang pagdiriwang ng Pasko sa Pilipinas ay nagsisimula sa siyam na araw na misa tuwing alas-4 ng madaling araw mula Disyembre 16. Kilala bilang Misa de Gallo at ang misa ay kilala sa wikang Tagalog bilang Simbang Gabi at tinawag itong simbang gabi dahil sa nagsisimula at natatapos ang misa bago sumikat ang araw.

Itong siyam na misa ay kinikilalang Novena ng mga Katoliko at ng mga Aglipayan. Ito ay tumutukoy sa kinasanayang siyam na araw na paniniwala para makakuha ng magandang biyaya. Ang



siyam na araw ay nangangahulugan ng siyam na buwan ng pagdadalang tao ng Birhen Maria.

Nakasanayan o nakaugalian na rin ng mga Pilipino na pagkatapos ng misa, ang mga nagsisimba ay kumakain na ng agahan sa bahay o bumibili sa Plaza o bangketa ng bibingka (gawa sa harina, kanin, at may itlog sa ibabaw na niluluto gamit ang uling sa lutuang gawa sa palayok), Puto bumbong (malagkit na kanin na pinasok sa kawayan na may asukal at kinayod na niyog), salabat (mainit na tsaang gawa sa luya) at inuming tsokolate (tradisyonal na panimpla).


Ang araw ng Pasko ay tradisyonal na gawaing pampamilya. Ang misa sa umaga pagkatapos ng huling Simbang Gabi ay tinatawag na Misa de Aguinaldo.

Pagkatapos ng misa, ang mga pamilyang Pilipino ay bumibisita sa kanilang mga kamag-anak, ang iba sa mga ninong at ninang. Sinisimulan ito sa pagmamano bilang respeto sabay ng pag-abot ng regalo na kadalasan ay perang bagong imprenta ng Bangko Sentral ng Pilipinas. Pagkatapos nito ay nagsasalo ang buong angkan sa tradisyonal na tanghalian. Sa hapon, ang ibang pamilya ay umuuwi na o pumunta sa pampublikong lugar tulad ng parke, mall, sinehan at tabing dagat. Mula 1975, naging tradisyon na ng mga sinehan sa Maynila, at ngayon sa buong Pilipinas, na hindi magpalabas ng pelikulang banyaga at ito ay tinatawag na Metro Manila Film Festival. Isa ring kakaibang tradisyon ay nagpapaputok ng rebentador, kwites at iba pa sa araw ng Pasko.

*Pilipino Star Ngayon*


APPLY TODAY - WORK TOMORROW!

We currently have openings for:
GENERAL LABOUR
PACKAGERS
ORDER PICKERS / PACKERS
MATERIAL HANDLERS
SHIPPER / RECEIVERS
CERTIFIED FORKLIFT OPERATORS




EXTRA PERSONNEL
Kipling at Taber
Between Wendys and Daisy Mart
2140 Kipling Avenue Unit 5
Toronto, ONT M9W 4K5.

7:00 a.m.-4:00 p.m.
Call our Filipino Recruiter
Alvin Rota
416-740-3959



We offer the best pay rates in the industry, long and short-term assignments, tremendous full-time employment possibilities and access to some of Canada's top employers.

Applicants must have a great work ethic, a good command of the English language and safety shoes.

EXTRA INDUSTRIAL PERSONNEL INC.
www.extraindustrialpersonnel.com

# Canada kailangan ang helicopter, drone para matupad ang demand ni Trump sa border security

***Pareho ang layunin ng Canada at ni Trump na labanan ang fentanyl trafficking at illegal migration***



Habang nagbanta si U.S. president-elect Donald Trump na magpapatong ng mga taripa sa Canada na maaaring pahinain ang ekonomiya ng bansa, nangako ang gobyerno ni Prime Minister Justin Trudeau na hihigpitan ang pagbabantay sa shared border para tugunan ang kanyang mga alalahanin.

A lot of it is equipment they already have that we would simply supplement. We would add additional helicopters, drones, aniya.

Sinabi ni LeBlanc na intensyon ng gobyerno na aprubahan ang mga hakbang na ito.

Kasi nagbanta si Trump na magpapatong ng 25 porsyento na taripa sa lahat ng mga produktong papasok sa bansa mula Canada at Mexico sa Enero 20, 2025, ang kanyang inauguration day, puwera na lang kung ang mga bansa na ito ay pipigilan ang pagdaloy ng droga at mga imigrante sa kanilang border.

Aniya ang pederal na gobyerno ay kaisa sa buong pokus ni Trump na labanan ang produksyon ng fentanyl at ang iligal na imigrasyon. ***RCI***



# Kung ma-disqualify si VP Sara: Sen. Robin, pambato ni FPPRD bilang pangulo sa 2028 – Panelo



***MULA SA KALIWA:** Sen. Robin Padilla, Ex-Pres. Rodrigo Duterte, at VP Sara Duterte*

**Isiniwalat ni dating chief presidential legal counsel Salvador Panelo na kung sakaling ma-disqualify at ma-impeach si Vice President Sara Duterte, si Senador Robin Padilla** umano ang patatakbuhin ni dating Pangulong Rodrigo Duterte bilang pangulo ng bansa sa 2028.

Sa isang panayam nitong Biyernes, Disyembre 13, sinabi ni Panelo na nakausap na raw niya si FPRRD at pumayag daw ito sa kaniyang suhestiyon na si Padilla ang kanilang magiging pambato kung hindi makatakbo si VP Sara.

"Kapag pinakulong 'yan (VP Sara), ang patatakbuhin namin si Robin Padilla. 'Pag si Robin Padilla, game over. Pareho ni Inday Sara, game over din 'yan," ani Panelo.

Ibinahagi rin ni Panelo na "speechless" umano si Padilla nang malaman niya ang napag-usapan nila ni FPRRD na planong patatakbuhin siya bilang pangulo ng bansa. Balak umano ni dating presidential legal counsel Salvador Panelo na patakbuhin si Senador Robin Padilla bilang pangulo sa 2028 sakaling hindi tumakbo si Vice President Sara Duterte.

Nasabi ito ni Panelo sa kaniyang livestream, nang mapag-usapan ang tungkol sa umano'y umuusbong na impeachment laban kay Vice President Sara Duterte.

Sinabi niya na kapag tinuloy ang impeachment ay magiging political martyr umano si Duterte, na mamahalin umano ng taumbayan.

"Maabsuwelto man o hindi, tandaan ninyo sasabihin ko, si Inday Sara ay magiging isang political martyr at siya ay yayakapin ng taumbayan na sukang-suka na sa panlalapastangan sa kaniyang karapatan at paninira sa kaniya. Yayakapin si Inday Sara, mamahalin ng taumbayan. Parurusahan ang mga nasa likod ng kalapastanganang ito at darating ang panahon na 'yang mga 'yan, mga lumapastangan na 'yan, ay mawawala sa kapangyarihan," pahayag ni Panelo.

'Tropang angat'
De Lima, Robredo, Hontiveros, reunited sa isang kasalan!

Sigurado rin daw si Panelo na magiging presidente ng bansa ang bise presidente.

"At si Inday Sara naman ay tatahakin ang daan na tinahak ng kaniyang amang si [dating] Presidente Rodrigo Roa Duterte. She can now lay a valid claim for a rightful succession to the presidency, magiging presidente rin ho siya. Maniwala kayo. Absuwelto man o ma-convict 'yan sigurado magiging presidente ng bansa 'yan. Maliban na lang kung hindi siya tumakbo," aniya.

At kung sakali raw na hindi tumakbo si Duterte sa 2028...

**"Kapag hindi siya [VP Sara] tumakbo, si Robin Padilla ang patatakbuhin natin."**

# Romualdez sa mga Pinoy: Labanan pagkakahati ng bansa

**PILIPINAS** - Kasabay ng paggunita ng ika-161 anibersaryo ng kapanganakan ni Gat Andres Bonifacio, hiniling ni Speaker Ferdinand Martin Romualdez sa mga Pinoy na itakwil ang "fear, division, and discord" sa gitna ng bangayan sa politika.

Sa kanyang mensahe sa Bonifacio Day, sinabi ni Romualdez na dapat isaisip ng mga Pilipino ang katapangan at sakripisyo ni Bonifacio.

Binigyan diin niya ang kahalagahan ng integridad, pagkakaisa at pananagutan na pangunahang legasiyang iniwan ni Bonifacio na siyang naging sangkap para makabuo ng isang matatag na bansang Pilipinas.

Upang mapanatili ang kabayanihan ni Bonifacio, sinabi ni Romualdez na kailangang banyatan ang "***democracy and freedom he fought so valiantly to achieve***."

***"Let us reject fear, division, and discord, and instead work together in the spirit of 'Bayanihan' to build a nation grounded on peace, justice, and prosperity for all,"*** giit ni Romualdez. ***Abante News***



Martin Romualdez




WANTED
A matured Filipina
CAREGIVER
Interested Please Call Saverio
416-562-9005
Location: ETOBICOKE





# JV tinukuran mga proyekto ni BBM

**Suportado ni Sen. JV Ejercito ang direktiba ni Pangulong Ferdinand Marcos Jr.** na gawing prayoridad ang pagpopondo sa mga key projects na tinukoy bilang kritikal sa social and economic transformation ng bansa.

Sinabi ni Sen. Ejercito, ang mga nasabing proyekto ay naaayon sa kanyang advocacy partikular sa imprastraktura gaya ng railways at airports, gayundin sa universal healthcare.

Ayon pa sakanya, ito ay matagal nang pangarap para sa bansa dahil tiyak na lilikha ng mga trabaho at oportunidad na ikabubuti sa buhay ng mga mamamayan.

Sa kanilang panig, tiniyak daw nila na ang mga foreign-assisted priority projects, lalo ang mga railway projects ay nabigyan ng funding sa Senate budget version at ang GOP portion o ang share ng gobyerno ay kasama sa programmed funds. Layunin daw nitong matiyak ang patuloy na implementasyon ng mga proyekto na walang pagkaantala. ***Abante News***


WE FIX
PHONES
WITHIN 15 - 45 MINUTES
COUPON
20%
DISCOUNT
SALES
AND REPAIRS
100%
SATISFACTION
GUARANTEED
ORIGINAL
PARTS
LIFETIME
WARRANTY
REPAIR and UNLOCK CELLPHONE
Cellular
CEDARBRAE MALL
3495 Lawrence ave. Scarborough
Call Now
416-289-8726

# DATOL ORDER



By Mon Datol

## Pinalagan 'kill plot' ni VP Sara, NBI me subpoena na ke Duterte

Matinding kinastigo ni Pangulong Ferdinand "Bongbong" Marcos Jr. ang banta ni Vice President Sara Duterte na ipapatay siya, sa pagsasabing hindi niya palalampasin ang kriminal na pagtatangka sa kanyang buhay..

***Kakalusin na ni PBBM ang umaapaw ng salop ni VP Sara.***

***********

Binanggit ni PBBM sa isang video message kamakailan, ang kanyang pagkabahala sa banta ni Duterte na may kinausap na siyang papatay sa kaniya, kay First Lady Liza Araneta-Marcos at House Speaker Ferdinand Martin Romualdez. Hindi na umano tatahimik at...

***Papalagan na ni PBBM ang planong pagpatay sa Pangulo.***

***********

Binanatan din ni PBBM ang mga pagtatangka ng OVP na pigilan ang mga imbestigasyong ginagawa ng Kamara para hindi lumabas ang katotohanan sa paggamit ng confidential fund.

***Ang katotohanan ay hindi dapat itokhang giit pa ni PBBM.***

***********

Nanawagan din ang Pangulo Marcos kay VP Sara na sagutin na lamang ang mga tinatanong sa kanya imbes na ilihis ang isyu, at "Imbes na deretsahang sagot, nililihis pa sa...."

***"Kuwentong chicheria ang isyu ng Confi funds," ani PBBM.***

***********

Buwelta naman si VP Sara ay ang pamilya Marcos umano ang nagpapatay kay dating Senador Benigno "Ninoy" Aquino Jr. kaya pumalag ang taumbayan. Ha? Wala ngang napatunayan ang mag-inang dating Presidente Cory at PNoy na si dating Pangulong FM ang nagpapatay nga ke Ninoy, eh, siguro, bago ka magturo ay...

***Mag-Presidente muna si VP Sara para di mapingkok.***

***********

Patong-patong na kaso ang posibleng harapin ni VP Sara Duterte matapos linawin ng Departmen of JusticeJ na walang immunity sa criminal at/o' administrative case ang Bise Presidente, ayon ke DOJ Usec Hermogenes Andres

***. 'Self-confessed' mastermind na si VP Sara?***

***********

Kasado na rin ang subpoena ng NBI laban sa Bise Presidente ani pa Usec Andres at ng tinangkang ihain nga ng NBI ang subpoena kay VP Sara habang nasa Kamara pa ito ay nabigo mga agents dahil nakaalis na si Duterte at sinamahan nito ang OVP SDO na si Gina Acosta na itinakbo sa ospital sa gitna ng pagdinig ng komite.

Kinokonsidera rin ng DOJ ang pagsasampa ng mga kasong grave threats at sedition laban kay Duterte at tiningnan din ng DOJ ang kasong conspiracy at inatasan na ang iba't ibang ahensiya para alamin ang kinaroroonan at pagkakakilanlan ng "assassin" na inupahan umano ng Bise Presidente.

***Sinong 'killer' kinausap ni VP Sara para patayin First Couple?***

***********

Tahasang sinabi i Manila Rep. Joel Chua na ground sa impeachment ang ginawang pagbabanta ni VP Sara Duterte na ipapatay si Pangulong Ferdinand "Bongbong" Marcos Jr. Posibleng mangyari yon pagkatapos ng..

***Confidential fund hearing ng OVP.***

# Bukas na ang GST break, maliliit na negosyo naghahanda para sa tax holiday headache



***Prime Minister Justin Trudeau at Deputy Prime Minister Chrystia Freeland sa Vince's Market, isang grocery store sa Sharon, Ontario, nang inanunsyo ang GST/HST holiday***

Ipapatupad ang GST/HST holiday ng Liberal na gobyerno na magtatagal ng dalawang buwan.

Wala pang 24 oras ang natitira hanggang magsimula ang GST holiday ng pederal na gobyerno, sinabi ng maliliit na negosyante na sila ay naghahanda sa abot ng kanilang makakaya para sa isang panahon na maaaring magkaroon ng shopping chaos.

Habang ito ay isang biyaya ngayong holiday para sa ilan, ito rin ay sanhi ng ilang administrative headaches, ang mga retailer naghahanda na i-reprogram ang kanilang cash registers at sale systems at alamin kung ano'ng goods ang kwalipikado o hindi.

Ano ang kahuluhan nito para sa iyong bulsa

Ang tax break ay naga-apply sa goods tulad ng: prepared foods at restaurant meals; children's clothing, diapers, footwear, car seats at toys; jigsaw puzzles, video game hardware, print books at newspapers; at Christmas trees.

Walang dapat gawin ang mga mamimili; wala itong claims process.

***Ang GST o HST ay hindi itsa-charge sa oras ng pagbili.***




***Nagsara agad ng bintana si Sara.***

**********

Pero ang pinaka-matinding ginawa ni VP Sara sa nasabing online press briefing, na talagang nagpamula saking tenga, ay yong grabeng pagmumura niya kina PBBM, FL Liza Marcos at Speaker Martin Romualdez.

***Sobrang lutong ng mga P...I... ni Sara.***

**********

Makakain pa ng nakangiti ng mga Pinoy ang Pritong Isaw o' ang malutong na Pinoy chicharon tulad ng gawa at luto ni Johnyman Agustin ng Toronto, pero, di kayang makain kahit ng aspin ang...

***Grabeng P.I. ni Sara kina PBBM, FL Liza at Cong. Martin.***

**********

Ang daming akusasyon ni VP Sara kina PBBM, FL Liza, higit lalo ke Speaker Romualdez, na inakusahan pang tumatanggap ng 'suhol' mula sa drug lords, smugglers at POGO Operators, at me sariling POGO rin daw ito. Pero...

***Wala namang maipakitang kahit katiting na ebidensya.***

**********

Kinondena rin ng mga Congressmen ang mga sinabi ni VP Sara na inutos niyang patayin sina PBBM, FL Liza at Speaker Martin Romualdez kapag pinatay siya na kanilang inilarawan na "reckless and dangerous" at taktika lamang ni Duterte ito upang ilihis ang isyu laban sa kanya lalo na sa...

***Paggamit ng P612.5 milyong confidential funds.***

***"Unstable mind and abnormal thinking" si VP Duterte.***

**********

Well, mariing itinanggi ng Kamara ang mga alegasyon na hindi naging maganda ang pagtrato kay OVP chief-of-staff Zuleika Lopez habang nasa detensiyon ito at ayon pa kay SecGen Reginald S. Velasco, sinunod nila ang lahat ng protocol at due process partikular na ang pagtugon sa medical emergency kay Lopez. Pinanuod ko video footages ng hospital drama mula Kamara, Veterans Medical Center hanggang St. Luke's Hospital at tingin ko ay...

***Scripted ang ganap at arte nina VP Sara, Atty. Z Lopez.***

**********

Mariin din itinanggi ni SecGen Velaso na kinumpiska nila ang cellphone ni Lopez at hindi ito binigyan ng abogado. "The House strictly follows due process and established protocols to safeguard the rights and safety of all detainees," dugtong pa ni Velasco.

***Pulos walang basehang reklamo ikinakasa mga tao ni VP Sara.***

**********

**Onli in da Pilipins.**

# Pangulong Marcos: Impeachment vs VP Sara aksaya lang ng oras

**MANILA -** Pag-aaksaya lang umano ng oras ang paghahain ng impeachment complaint laban kay Vice President Sara Duterte.

Ito ang inihayag ni Pangulong Ferdinand Marcos Jr. na inaming nagpaabot siya ng mensahe sa mga kaalyado sa Mababang Kapulungan ng Kongreso na huwag maghain ng impeachment complaint laban kay VP Sara.

Para sa Presidente, hindi ito mahalaga at walang pagkakaiba sa kahit kaninong Filipino kaya hindi na dapat pagkaabalahan kundi pag-aaksaya lamang ng oras at hindi naman mababago ang buhay ng mga Filipino.



Pangulong Ferdinand Marcos Jr.

"Well, it was actually a private communication, but na-leak na, yes. Because that's really my opinion. This is not important. This does not make any difference to even one single Filipino life. So why waste time on it?" ayon sa Pangulo sa panayam sa Lucena City, Quezon.

Matatandaan na ibinunyag ng TV host na si Anthony Taberna ang isang txt message na kumalat na aniya ay mula kay Pangulong Marcos kung saan nakasaad na "In the larger scheme of things, Sara is unimportant. So please do not file impeachment complaints."

Hindi naman binanggit ni Taberna kung sino ang pinadalhan ng text message.

Natanong naman ang Pangulo kung ano ang mangyayari sa Kamara sakaling maihain ang impeachment laban sa Bise Presidente.

"It will tie down the House, it will tie down the Senate. It will just take up all their time and for what? For nothing, for nothing. None of this will help improve a single Filipino life. As far as I am concerned, it's a storm in a teacup," ayon pa kay Marcos.

*Pilipino Star Ngayon*

# Canada pinalawak ang recall ng organic carrots dahil sa banta ng E. coli contamination

**Sinabi ng health officials na ang recalled organic baby carrots ay malamang wala na sa mga estante ng tindahan ngunit maaaring nasa tahanan ng mga konsumer at dapat ay itapon.**



Sinabi ng Canadian na mga opisyal na ang dagdag na organic carrot product ay nasa ilalim ng recall dahil sa posibleng E. coli O121 contamination.

Ni-recall ng Grimmway Farms ang iba't ibang organic whole bagged carrots at baby carrots na nasa iba't ibang size at brands na direktang ipinadala sa retail distribution centres sa U.S , at Puerto Rico.

Iniulat ng U.S. Centers for Disease Control and Prevention (CDC) na isa ang namatay at may 39 na kaso, kasama ang 15 na naospital, sa Estados Unidos sa isang E. coli outbreak kaugnay ng organic carrots.

Ang carrots na ito wala na sa estante ng mga tindahan, ayon sa Centers for Disease Control and PreventionCDC, ngunit maaaring nasa tahanan ng mga konsumer at dapat itong itapon.

Consumers should check to see if they have the recalled products by looking for the specific brand, product name and size, UPC and codes in the recall notification, abiso ng Canadian Food Inspection Agency (CFIA).

Ayon sa ulat ng Canadian Food Inspection AgencyCFIA taglay nila ang listahan ng mga apektadong produkto sa Canada upang magdagdag ng isa pang Cal-Organic organic juice carrot product sa 11.34 kilo na sukat.

Ang ahensya itinama ang impormasyon sa produkto para sa Bunny-Luv product, sinabi na ang karagdagang impormasyon ay na-identify sa kanilang food safety investigation.

Ang pagkain na nakontamina ng E. coli O121 ay maaaring hindi mukha o amoy panis ngunit puwede ka pa rin magkasakit mula rito.

Kasama sa mga sintomas ang pagkahilo, pagsusuka, mild o severe na paghilab ng tiyan at matubig o madugong diarrhea. Sa malalang mga kaso, ang ilang tao ay maaaring magkaroon ng seizures o strokes, mangailangan ng blood transfusions at kidney dialysis o mamuhay na may permanenteng kidney damage. Ang mga malalang kaso ng pagkakasakit ay maaari maging nakamamatay.

Sinabi ng Public Health Agency of Canada na wala itong na-identify na anumang kaso ng pagkakasakit kaugnay ng ni-recall na mga produkto sa Canada. ***RCI***

# Militar ng Canada sinabing na-track, napigil ang surveillance ng China sa Arctic waters



***Sinabi ng Department of National Defense at Canadian Armed Forces*** na alam nila ang ginagawa ng China kamakailan para makagawa ng surveillance operations sa airspace at tubig ng Canada.

Sinabi ni Spokesperson Daniel Le Bouthillier sa isang pahayag na na-track at napigil ng sandatahang lakas ang mga pagtatangka na e-surveil ang teritoryo ng Canada mula noong 2022 sa ilalim ng Operation LIMPID.

Sinabi niya na upang tiyakin ang integridad ng operasyong militar, hindi na maglalabas ng dagdag pa na impormasyon.

Sinabi ni Foreign Affairs Minister Mélanie Joly sa isang panayam sa CNN kam, kamakailan na ang China ay lalong naging disruptive power.

Sinabi niya na ang Canada ay makikipagtulungan sa NORAD upang protektahan ang North American airspace at magiging mahigpit ang Canada sa soberanya sa Arctic habang dumadami ang mga lumilitaw na ulat ng panghihimasok ng mga dayuhan.

Naglabas ng komento si Joly pagkatapos maiulat ng pahayagang Globe and Mail na ang militar ng Canada ay na-detect ang mga Chinese na minomonitor ang mga boya sa Arctic. ***RCI***

"The Travel Partner You Can Trust!" tico.ca

Polaris Travel & Tours

Polaris Travel & Tours


Contact us for LOW AIRFARES
to the Phillipines

T. 416.224.9919 • 1.800.680.3849



Conveniently Located in Centerpoint Mall

6322 Yonge Street, Unit 124, Toronto, Ontario M2M 3X4
Main Intersection: Yonge & Steeles




# Kailan Kaya Matatapos ang mga Digmaan?

***" Kailangan na ngayon na mabawasan ang tensiyon at huwag hayaang lumala pa ang sitwasyon. Kailangan ang matinding pagpipigil,"***

ang sabi ng **United Nations Secretary-General na si António Guterre**s tungkol sa direktang pag-atake ng Iran sa Israel noong Abril 13, 2024..



**A**ng labanan sa Middle East ay isa lang sa maraming labanang nangyayari sa buong mundo.

"Ngayon lang ulit nagkaroon ng ganito karaming mararahas na labanan sa buong mundo mula noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig at 2 bilyon katao—isa sa bawat apat na tao—[ang] apektado."—United Nations Security Council, Enero 26, 2023.

Kasama sa mga lugar na may mga kaguluhan o labanan ang Israel, Gaza, Syria, Azerbaijan, Ukraine, Sudan, Ethiopia, Niger, Myanmar, at Haiti.

Kailan kaya tuluyang matatapos ang mga labanan? May magagawa kaya ang mga lider ng mga bansa para maging payapa ang mundo? Ano ang sinasabi ng Bibliya?

## Isang mundong may mga digmaan

Ang mga labanan ngayon ay senyales na malapit nang matapos ang lahat ng digmaan sa buong mundo. Ang mga digmaang ito ay katuparan ng hula sa Bibliya tungkol sa panahon natin. Tinatawag iyon ng Bibliya na "katapusan ng sistemang ito."—Mateo 24:3.

• "Makaririnig kayo ng ingay ng mga digmaan at ng mga ulat ng digmaan. . . . Maglalabanan ang mga bansa at mga kaharian."—Mateo 24:6, 7.

"Ano ang Tanda ng 'mga Huling Araw,'?"

# Isang digmaang tatapos sa lahat ng digmaan

Inihula ng Bibliya na matatapos ang lahat ng digmaan ngayon. Paano? Hindi mga tao ang makakagawa nito. Mangyayari ito sa Armagedon, ang "digmaan ng dakilang araw ng Diyos na Makapangyarihan-sa-Lahat." (Apocalipsis 16:14, 16) Pagkatapos ng digmaang ito, matutupad na ng Diyos ang walang-hanggang kapayapaan na ipinangako niya sa mga tao.—Awit 37:10, 11, 29.

Para matuto pa tungkol sa digmaan ng Diyos na tatapos sa lahat ng digmaan, tinatawag itong . . .



# Pagdating ni Kristo—Ano Ito?

## Ang sagot ng Bibliya

Maraming beses na binabanggit sa Bibliya ang tungkol sa pagdating ni Kristo sa hinaharap para hatulan ang mga tao sa lupa. a Halimbawa, sinasabi sa Mateo 25:31-33:

"Kapag ang Anak ng tao [si Jesu-Kristo] ay dumating sa kaniyang kaluwalhatian, at ang lahat ng mga anghel na kasama niya, kung magkagayon ay uupo siya sa kaniyang maluwalhating trono. At ang lahat ng mga bansa ay titipunin sa harap niya, at pagbubukud-bukurin niya ang mga tao sa isa't isa, kung paanong ibinubukod ng pastol ang mga tupa mula sa mga kambing. At ilalagay niya ang mga tupa sa kaniyang kanan, ngunit ang mga kambing sa kaniyang kaliwa."

Ang panahong ito ng paghatol ay magiging bahagi ng "malaking kapighatian" na walang katulad sa buong kasaysayan ng tao. Ang kapighatiang iyon ay magtatapos sa **digmaan ng Armagedon**. (Mateo 24:21; Apocalipsis 16:16) Ang mga kaaway ni Kristo, na inilarawan sa kaniyang ilustrasyon bilang mga kambing, ay "daranas ng parusang hatol na walang-hanggang pagkapuksa." (2 Tesalonica 1:9; Apocalipsis 19:11, 15) Ang kaniyang tapat na mga lingkod naman, ang mga tupa, ay magkakaroon ng pag-asang "buhay na walang hanggan."—Mateo 25:46.

### Kailan darating si Kristo?

Sinabi ni Jesus: "May kinalaman sa araw at oras na iyon ay walang sinuman ang nakaaalam." (Mateo 24:36, 42; 25:13) Pero nagbigay siya ng nakikitang "tanda," na binubuo ng maraming pangyayari, na magpapakilala sa yugto ng panahon na hahantong hanggang sa kaniyang pagdating.—Mateo 24:3, 7-14; Lucas 21:10, 11.

### Darating ba si Kristo sa katawang laman o sa espiritu?

Binuhay-muli si Jesus taglay ang isang katawang espiritu, kaya darating siya bilang isang espiritung nilalang, hindi sa laman. (1 Corinto 15:45; 1 Pedro 3:18) Kaya nasabi ni Jesus sa kaniyang mga apostol bago siya mamatay: "Sandali na lamang at hindi na ako makikita ng sanlibutan."—Juan 14:19.

### Karaniwang mga maling akala tungkol sa pagdating ni Kristo

**Maling akala:** Binabanggit sa Bibliya na makikita ng mga tao si Jesus na "dumarating na nasa mga ulap," ibig sabihin, literal na makikita ang pagdating ni Jesus.—Mateo 24:30.

**Ang totoo:** Madalas iniuugnay ng Bibliya ang mga ulap sa isang bagay na hindi nakikita. (Levitico 16:2; Bilang 11:25; Deuteronomio 33:26) Halimbawa, sinabi ng Diyos kay Moises: "Paririyan ako sa iyo sa isang madilim na ulap." (Exodo 19:9) Hindi literal na nakita ni Moises ang Diyos. Sa katulad na paraan, si Kristo ay 'darating na nasa mga ulap,' sa diwa na mauunawaan ng mga tao ang kaniyang pagdating kahit hindi nila siya literal na makikita.

**Maling akala**: Sa pagdating ni Kristo, literal na "makikita siya ng bawat mata," gaya ng binabanggit sa Apocalipsis 1:7.

**Ang totoo:** Sa Bibliya, ang mga salitang Griego na ginamit para sa "makikita" at "mata" ay ginagamit kung minsan sa diwa na mauunawaan o madarama ang isang bagay sa halip na tumukoy sa literal na paningin. b (Mateo 13:15; Lucas 19:42; Roma 15:21; Efeso 1:18) Sinasabi ng Bibliya na ang binuhay-muling si Jesus ay "ang isa ... na tumatahan sa di-malapitang liwanag, na walang isa man sa mga tao ang ... makakakita." (1 Timoteo 6:16) Kaya "makikita siya ng bawat mata" sa diwa na mauunawaan ng lahat ng tao na si Jesus ang maglalapat ng hatol ng Diyos.—Mateo 24:30.

**Maling akala:** Sinasabi ng 2 Juan 7 na darating si Jesus sa laman.

**Ang totoo**: Sinasabi sa tekstong iyan: "Maraming manlilinlang ang humayo na sa sanlibutan, mga taong hindi naghahayag na si Jesu-Kristo ay dumating sa laman."

Noong panahon ni apostol Juan, ikinakaila ng ilan na dumating si Jesus sa lupa bilang tao taglay ang katawang laman. Tinatawag silang mga Gnostiko. Isinulat ang 2 Juan 7 para pasinungalingan ang kanilang maling ideya. **JW.org**



# Armagedon, ang Gitnang Silangan, at ang Bibliya



"ANG sentro ng buong hula," ang sabi ng autor na si Hal Lindsey, "ay ang Estado ng Israel." (The 1980's Countdown to Armageddon) Mapapansin sa 'Armageddon scenario' ng mga pundamentalista, kung gayon, ang kanilang paniwala na ang Diyos ay may natatanging pakikitungo sa Israel. Ang paniwala nila ay na makikialam ang Diyos pagka ang mga kaaway ng Israel ay bumangon upang wasakin siya.

Subalit, ipinakikita ng Bibliya na ang bansang Judio ay itinakwil ng Diyos nang kanilang tanggihan ang kaniyang Anak, si Jesu-Kristo. (Gawa 3:13, 14, 19) Maliwanag na sinabi sa kanila ni Jesus: "Ang kaharian ng Diyos ay aalisin sa inyo at ibibigay sa isang bansang nagbubunga."—Mateo 21:43.

## Itinakwil na Lubusan Ba?

Ang teologong sina John F. at John E. Walvoord (sinipi na ang sinabi) ay tumugon ng ganito: "Si Apostol Pablo ay malinaw na nagpahayag na ang mga pangako sa Matandang Tipan para sa Israel ay matutupad pa. Isinulat ni Pablo, 'Ang tanong ko kung gayon, Itinakwil ba ng Diyos ang kaniyang bayan? Sa ano mang paraan ay hindi!' (Roma 11:1, NIV.)" Subalit, hindi nila sinisipi ang natitirang bahagi ng talatang iyan: "Sapagkat ako rin ay isang Israelita, mula sa binhi ni Abraham, mula sa tribo ni Benjamin." Ano ba ang ibig sabihin dito ni Pablo?

Hindi naniniwala si Pablo na ang mga Israelita bilang isang bansa ay mayroon pa ring pantanging kaugnayan sa Diyos, sapagkat ang apostol ay nagpahayag na "malaking dalamhati at pagdurusa ang binabata niya sa [kaniyang] puso" dahilan sa hindi nila pagtugon sa kabutihan ng Diyos. (Roma 9:2-5) Sa Roma 9:6 ay isinusog ni Pablo: "Gayunpaman, hindi sa bagay na ang salita ng Diyos [kay Abraham] ay nabigo. Sapagkat hindi lahat ng nanggaling sa [likas] na Israel ay talagang 'Israel.'" Ganito ang ibig sabihin ni Pablo: na dahilan sa tinanggihan ng mga Judio si Kristo, hindi na sila itinuturing na Israel ng Diyos! Ang pinahirang kongregasyon ng mga tagasunod ni Jesu-Kristo ang ngayo'y tunay na "Israel," ang instrumentong gagamitin ng Diyos sa pagpapala sa buong sangkatauhan.—1 Pedro 2:9; Galacia 3:29; 6:16; Genesis 22:18.

Subalit, hindi naman itinakwil ng Diyos ang mga Judio bilang mga isahang tao, sapagkat sinabi ni Pablo: "Sapagkat ako man ay isang Israelita." Oo, ang isahang mga tao sa loob ng bansang Judio, katulad ni Pablo, ay maaaring maging bahagi ng espirituwal na Israel kung kanilang tatanggapin si Kristo. Isang "nalabi" lamang, kakaunti lamang sa kanila, ang gumawa ng gayon.—Roma 11:1, 5.

## Armagedon—Saan?

Sa Apocalipsis 16:14, 16 ipinakikita ng Bibliya na kinasihan-ng-demonyong propaganda ang hihila sa mga lider ng daigdig "sa digmaan ng Diyos na Makapangyarihan-sa-lahat." Isinusog pa nito: "At kanilang tinipon sila sa dako na tinatawag sa Hebreo na Har–Magedon." Hindi ba ito nagpapatunay ng isang pangkatapusang digmaan sa Gitnang Silangan? Hindi, sapagkat walang talagang lugar na tinatawag na "Har–Magedon" (sa literal, "Bundok ng Megiddo"). Noong sinaunang panahon sa Bibliya, mayroon isang siyudad sa Gitnang Silangan na tinatawag na Megiddo. Ito'y nasa kapatagan na makikita sa pabalat ng magasing ito. Malapit sa Megiddo naganap ang maraming mahalagang mga labanan. Subalit noon, at hanggang sa ngayon, ay walang bundok doon. Samakatuwid ang "Har–Magedon," o "Armagedon," ay isang simbolikong lugar. Simbolo ng ano?

Ipinakikita ng hula ni Ezekiel na ang Armagedon ay gaganapin dahil sa pagsalakay sa "Israel" ng isang hukbo na binubuo ng mga bansa. Ang mga sumasalakay ay pinangungunahan ni 'Gog ng Magog,' na ang mga hukbo ay nanggagaling sa "kadulu-duluhang bahagi ng hilaga." Sino ba ang "Gog" na ito? Ang pundamentalistang teologong si Hal Lindsey ay may pagtitiwalang nagsasabi (gaya rin ng iba): "Mayroon lamang iisang bansa sa 'kadulu-duluhang hilaga' ng Israel—ang U.S.S.R." Kaniya ring sinasabi na ang bumubuo ng "hukbo" ni Gog (tinatawag na Meshech, Tubal, Persia, Ethiopia, Put, Gomer, at Togarmah sa Bibliya), ay mga kaalyada ng mga Soviet, unang-una ang mga bansang Arabe.—Ezekiel 38:1-9, 15.

Ang mga bansang kakampi ni Gog ay hindi prominente sa daigdig noong kaarawan ni Ezekiel. Ang hula ay matutupad kung gayon sa "katapusang bahagi ng mga taon," pagka ang sinaunang mga kaaway ng Israel ay wala na rito sa lupa. (Ezekiel 38:8) Samakatuwid, ang nakatago at malayong "lupain ng Magog" ni Gog ay hindi lumalarawan sa tanyag at di-malayong Union Soviet.

Sino, kung gayon, ang nananahan sa isang 'malayong' lupain at poot na poot sa bayan ng Diyos? Sa Apocalipsis 12:7-9, 17, ang Bibliya ay sumasagot: "Sumiklab ang digmaan sa langit: Si Miguel at ang kaniyang mga anghel ay nakipaglaban sa dragon . . . At inihagis ang malaking dragon, ang matandang ahas, ang tinatawag na Diyablo at Satanas." Ano ang naging epekto ng pagpapalayas kay Satanas sa langit tungo rito sa lupa? Ganito ang sabi ng Bibliya: "At ang dragon ay nagalit sa babae [ang makalangit na organisasyon ng Diyos], at humayo upang makidigma sa mga natitira pang bahagi ng kaniyang binhi, na gumaganap ng kautusan ng Diyos at may gawain na pagpapatotoo kay Jesus."

Ang "Gog" ay si Satanas. Malaon nang panahon na si Satanas at ang kaniyang mga demonyo ay nakikipagdigma sa nalabi ng espirituwal na Israel—ang pinahirang kongregasyong Kristiyano. (Galacia 6:16) Ang mga Kristiyanong ito ay nakapangalat sa buong lupa; sila'y hindi matatagpuan sa ano mang lokasyon na nasa kalagitnaan ng lupa at maaaring salakayin ng sama-samang hukbo sa Gitnang Silangan. Subalit gaya ng inihula ni Ezekiel, sila ay "nananahan sa katiwasayan" sa ilalim ng proteksiyon ng Diyos. (Ezekiel 38:11) Ang kasalukuyang likas na Israel, na napalilibutan ng kaaway na mga bansa at dumadanas ng mga kahirapan bilang isang bansa, ay hindi masasabing "tumatahan sa katiwasayan."

Ipinakikita ng Bibliya na ang daigdig ay magdadaan sa isang malaki at biglaang pagbabago. Ang "Babilonyang Dakila," ang pandaigdig na imperyo ng huwad na relihiyon, ay biglang wawasakin. (Apocalipsis, kabanata 18) Sa ganitong pagbagsak ng huwad na relihiyon, ang nalalabing mga tunay na Kristiyano ay magtitinging mahina, at si Satanas, o si "Gog," ay maaakit na kumilos upang puksain sila. Pangyayarihin niya na sa ilalim ng impluwensiya ng mga demonyo, "ang mga hari sa buong tinatahanang lupa" ay matipong sama-sama sa "digmaan ng dakilang araw ng Diyos na Makapangyarihan-sa-lahat" sa Har–Magedon.—Ezekiel 38:12-16; Apocalipsis 16:14, 16.

Samakatuwid, ang "Har–Magedon" ay hindi isang maliit na lugar sa Gitnang Silangan. Bagkus, ito ay isang kalagayan ng daigdig. Ang buong daigdig ay magkakaisa-isa sa pagsalansang nito sa Diyos na Jehova at sa kaniyang mga saksi. (Isaias 43:10-12) Ang buhong na pag-atake ni Satanas sa mga tunay na Kristiyano—hindi isang labanan ng mga bansa sa isang lugar sa Gitnang Silangan—ang pumupukaw sa Diyos upang ipaglaban ang Kaniyang bayan!—Ezekiel 38:18-23; Zacarias 2:8.

Ang mga tunay na Kristiyano sa ngayon ay higit pa ang ginagawa kaysa isang pagmamatyag lamang sa Gitnang Silangan. Ang pangunahing pinagsisikapan nila ay ipaliwanag sa mga tao ang sinasabi ng Salita ng Diyos tungkol sa dumarating na digmaang ito. Ang mga Saksi ni Jehova ay nagkamit ng kabantugan sa buong daigdig dahilan sa walang takot na pagdadala ng pasabing ito sa mga tahanan ng mga tao. Para sa karagdagang kaalamam bisitahin ang ***JW.org.***

# Our Advertisers Refer Us To Their Friends, FIND OUT WHY.




**Filipino Canadians** (French: Canadiens Philippins; Filipino: Mga Pilipinong Kanadyense) are Canadians of Filipino descent. Filipino Canadians are the second largest subgroup of the overseas Filipinos, surpassed only by the United States, and one of the fastest-growing groups in Canada. Only a small population of Filipinos lived in Canada until the late 20th century. At the 2016 Canadian census, 851,410 people of Filipino descent lived in Canada, mostly in urban areas. The majority of Filipino Canadians being Tagalog. Filipino Canadians are the third-largest Asian Canadian group in the nation after the Indian and Chinese communities. They are also the largest group from Southeast Asia in the country. Between the 2011 and 2016 censuses, the Filipino community in Canada grew from 702,200 to 820,100, a growth of about 7%, compared to the rest of Canada, which grew by 5% during the same time period. By the 2021 census, Filipino Canadians enumerated **957,355**, or 2.58% of the total population, further displaying the community's rapid growth. According to the 2021 Census, there are approximately .96 million Filipinos living in Canada, making them one of the largest immigrant groups in the country. The Census has many reasons why Canada is among the top choice for **Filipino immigrants**.

**ADVERTISE TO TALIBA NEWS...IT WORKS! • talibaFlipzMedia.com • 416-989-7336 / 647-287-1870**



TalibaFlipzMedia

## Photography Services

*Professional Product Photography – Food, Jewelry or just pictures of your store.*

**We can take pictures of your product for printed catalogs or for online store.**

**Each photo will be in pure white background and edited in photoshop.**

- 100+ photos $20 per photo *(with free Taliba 1/4 B&W Ads one time issue)*
- 50-90 photos $25 per photo
- 20-49 photos $30 per photo
- 10-19 photos $35 per photo
- 5-9 photos $40 per photo
- 2-4 photos $45 per photo



**Photo Specifications**

- High resolution Jpeg image
- Photo editing to remove dust and minor defects
- Royalty-free unlimited use license

For inquiry, call Tel. **416-989-7336** / 647-287-1870 ★ Email: *advertise@flipzmedia.com*

P.O. Box 73066 / 2300 Lawrence Ave. E. Toronto, ONT M1P 2R2

# TALIBA/Flipz Media

## *(Magazine & Social Media Services)*

We reserve the right to refuse sexist, racist or otherwise offensive advertising. Information has been obtained by Taliba Newspaper Canada Ltd / Flipz Media from sources believed to be reliable. However, because of the possibility of human or mechanical error by our sources, the publisher and its research staff can not guarantee the accuracy, adequacy, or completeness of any information and is not responsible for any errors or omissions or the results obtained from use of such information. The views expressed in TALIBA are those of the writers/contributors and do not represent the opinions of the editors and / or the publisher. Statements made in advertisements printed, inserted or attached to TALIBA are not endorsed in any manner whatsoever. Most texts and photos in this issue are from reliable sources gathered by our research team and staff. TALIBA/ FLIPZ MEDIA aims to strenghten the mind, body and spirit of our readers so that they may have realistic views of life and be able to cope with daily problems. We are non-political, non-religious, non-partisan, non-competitive and non-racial. We stand for truth, justice, equality and fraternity. We intend to make a difference.

***"Bringing your products & services at the forefront of digital industry."***

**ABOUT:** While maintaining a politically neutral position, it will promote positive views about Canadian cultures and heritage. Media hub that merges Filipinos to other cultures through culinary ideas, music, entertainment, business and current affairs. Provides helpful information for new immigrants concerning employment, government assistance etc. The magazine will help entrepreneurs promote their services, as well as artists showcase their talents. The magazine will provide point of contact information concerning government programs, business start-up, talent hub and charities.

**SERVICES:** Provide magazine and online social media presence while promoting business services and talents. Provide photography/ videography services for social events, weddings, portraits and starting modelling portfolio. Provide advertisement design layout including photography service for promotional purposes. Provide website design and web hosting businesses.

*VISIT **www.talibaflipzmedia.com** or CALL ROLLY :* ***647-287-1870***